Naviance High School and Beyond Planning

(Naviance sa Haiskul at Pagpaplano sa Hinaharap)

Ang Naviance ay ginagamit upang masuportahan natin ang ating mga mag-aaral at kanilang mga pamilya sa paghahanda sa buhay pagkatapos sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle. Sa Naviance, ang mga mag-aaral ay maaaring pag-isipang mabuti ang mga daan patungo sa kolehiyo at karera, magsuring mabuti ng mga kakayahan at talento na may pagtatasa sa karera at personalidad at bumuo ng mga plano upang manatiling nasa tamang daan at maabot akademikong mga layunin.

Pag-iisip na mabuti kung ano ang kaibahan mo.
Ang disensyo ng Strengths Explorer sa Naviance ay tumutukoy sa tatlong pinakamalakas na lumilitaw na talino ng inyong mag-aaral at kinabibilangan ng mga estratehiya na namuhunan sa lakas upang gamitin ang mga ito tungo sa tagumpay sa pag-aaral, karera, at buhay.

***Ikonekta** ang iyong hilig sa mga karera.*
Batay sa mga aktibidad na nagugustuhan ng iyong mag-aaral, personal na katangian, at kinagigiliwang asignatura sa paaralan, ang Tagahanap sa Kumpol ng Karera (**Career Cluster Finder)** na sarbey sa Naviance ay humanay sa kompol na karera, na nagbibigay sa mga mag-aaral kung anong kurso sila magtatagumpay.
Sa **Career Interest Profiler** sa Naviance, ang inyong mag-aaral sinasagot ang mga tanong na nauugnay sa hilig nilang karera at tumatanggap ng mga panukala para iparehas sa mga karera. Ang mga karera ay idinadagdag sa isang listahan ng mga paborito.

Suriin ang mga kolehiyo at medyor na asignatura na maaaring makapaghanda sa iyo sa isang karera na tumatama sa iyong lakas, hilig, at personalidad.

Gumawa ng isang plano gamit ang Naviance .
Magsimula ng Magbuo – Ang iyong mag-aaral ay magtatabi ng tala ng mga aktibidad ng paaralan, mga parangal na personal na nakamtam, karanasan sa pagboluntaryo, mga kasanayan,at marami pa gamit itong modyul na batay sa kagamitan69698.
Proseso sa Pagpapalista sa Kolehiyo – Subaybayan ang mga kolehiyo na pinag-iisipan ng inyong mag-aaral at listahan ng aplikasyon – kahit makiusap ng elektronikong transcript na ipadadala sa mga kolehiyo.
Lokal at Pambansang Iskolarsip na Database – Libo-libong lokal at pambansang iskolarsip ay mayroon para aplayan ng inyong mag-aaral.
Haiskul at Plano sa Hinaharap na mga Aralin – Ang mga kawani ng paaralan ay gagamitin ang Naviance para ihatid ang Haiskul at Plano sa Hinaharap na mga Aralin sa mga nasa gradong 8-12. Ang Haiskul at Plano sa Hinaharap ay isang kailangan sa pagtatapos, na makakatulong sa inyong mag-aaral at kanilang tagapayo na siguruhin na ang mga kailangan sa pagtatapos ay maabot at nakahanay sa tukoy na mga layunin.

Seguridad ng mga Datos Ang mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay pinangangalagaan ang seguridad at karapatan sa pag-iisa ng mga datos ng lubhang seryoso. Ang mga patakaran at palaging ginagawa ng Naviance hinggil sa pangangalaga ng seguridad ng mga datos at karapatan sa pag-iisa ng mag-aaral ay lubusan ng ipinasusunod. Sang-ayon sa kanilang patakaran sa karapatan sa pag-iisa, ang Naviance ay hindi maaaring magbenta o gumamit ng mga datos ng mag-aaral para sa layuning pang komersiyal. Sa karagdagan, ang isang kumprehensibong Kasunduan ng Pagbabahagi ng mga Datos ay nagawa na upang siguruhin pa susunod ang Naviance sa mga kailangan ng seguridad ng mga datos at karapatan sa pag-iisa na isinasaad sa kontrata para sa kasangkapang ito.

Mga Nilalaman ng mga Datos Ang sumusunod na mga datos ay ilalagay sa Naviance upang buong magamit ang pagkamabisa ng kasangkapan at upang siguruhin na tatanggapin ng mga mag-aaral ang tamang suporta na kailangan nila: pangalan at apelyido ng mag-aaral,pangalan ng gagamit, username, ID ng proxy, paaralan, grado, kapanganakan, transcripts, mga kurso, mga iskor sa GPA, ACT/SAT, lahi, at kasarian. Ang mga grupo ng mag-aaral ay maaari ding likhain upang pahintulutan ang mga tagapayo na makapagbigay makapokus sa mga suporta at mga pamamagitan (hal., mga Nakakuha ng Iskolarsip Papuntang Kolehiyo, mga Mag-aaral, ng wikang Ingles, Running Start, Espesyal na Edukasiyon). Upang masiguro ang pagka kumpedensiyal, ang mga grupong ito ay tutukuyin gamit ang proxy, sa halip ng pangalan ng grupo.

Paraan sa Hindi Pagsali sa Naviance Ang mga pamilya na ayaw pagamitin ang kanilang mag-aaral ng Naviance ay maaaring ay maaaring umayaw sa pamamagitan ng pagpapalit ng kanilang mga pinili sa Source. Ang araw sa hindi pagsali ay sa ika 17 ng Agosto – ika 25 ng Setyembre.

Bisitahin: http://www.seattleschools.org/academics/college_career_readiness/naviance/ para Sa karagdagang impormasyon.